ADDTOHEART

# Ang Pangunahing Layunin ng Ating Yaman

**WEEK 2**

## WARM-UP

- Ano ang pinakaespesyal na regalong ibinigay mo sa isang minamahal? Paano tumugon ang taong ito sa iyong regalo?
- Nakapunta ka na ba sa isang pabrika? Ano ang ginagawa rito? Ano ang isang bagay na marami dito?
- Nakatanggap ka na ba ng isang gantimpala? Para saan ito at bakit ito espesyal?

## WORD

*[9]Parangalan mo ang Panginoon sa pamamagitan ng paghahandog sa kanya ng mga unang bunga ng iyong ani. [10]Kapag ginawa mo ito, mapupuno ng ani ang iyong mga bodega at aapaw ang inumin sa iyong mga sisidlan.*

**KAWIKAAN 3:9,10**

Sa unang tingin, ang pahayag na ito ay tila isang pamamaraan kung paano yumaman. “Kung gagawin mo ito, magkakaroon ka ng kasaganaan.” Subalit ang pahayag na ito ay tungkol sa kung ano ang ibinibigay natin sa Diyos at hindi lamang sa kung ano ang ibinibigay niya bilang kapalit. Dapat natin Siyang parangalan dahil karapat-dapat Siyang tumanggap nito. Ang orihinal na salitang ginamit para sa salitang “parangalan” sa pahayag na ito ay isang salitang kilos na ang ibig sabihin ay “gawing matimbang o mabigat.” Samakatuwid, kapag pinararangalan natin ang Diyos sa pamamagitan ng ating yaman, kinikilala natin kung sino Siya at ibinibigay natin sa Kanya ang tamang timbang o paggalang na dapat Niyang matanggap. Ngayon, titingnan natin ang tatlong mga katotohanan tungkol sa pagbibigay ng parangal sa Diyos sa pamamagitan ng ating pananalapi.

## 1 Tayo ay nagbibigay upang parangalan ang Diyos.

*Parangalan mo ang Panginoon sa pamamagitan ng paghahandog . . .* **KAWIKAAN 3:9**

Ang Diyos ay karapat-dapat tumanggap ng parangal dahil ang lahat ng sinabi Niya tungkol sa Kanya ay totoo—Tagapaglikha ng lahat, ang ating Ama at Tagapagbigay. Ang parangalan Siya sa pamamagitan ng ating yaman ay nangangahulugan ng pagtitiwala sa Kanya, at hindi sa ating pinagkukunan ng yaman o mga naipon. Nangangahulugan ito ng pagtatalaga sa ating mga puso na Siya ay mas mahalaga kaysa sa anupamang naipundar natin sa buhay. Nangangahulugan din ito na ang paraan kung paano natin ginagamit ang ating pananalapi ay hindi ayon sa mga kagustuhan at pangangailangan natin, kundi sa kagustuhan natin na parangalan Siya. Paano mo natutunang parangalan ang Diyos sa pamamagitan ng iyong yaman?

## 2 Ibinibigay natin ang mga unang bunga at ang pinakamainam sa Diyos.

*Parangalan mo ang Panginoon sa pamamagitan ng paghahandog sa kanya ng mga unang bunga ng iyong ani.* **KAWIKAAN 3:9**

Pinararangalan natin ang Diyos sa pamamagitan *ng paghahandog sa kanya ng mga unang bunga* ng lahat ng mayroon tayo. Bilang mga mamamayan ng Diyos, ang pagbibigay ng unang bunga sa Kanya ay hindi lamang nangangahulugan ng pagbibigay sa Kanya ng parangal sa pamamagitan ng pinakamagagandang pananim. Nangangahulugan din ito ng pagtitiwala sa Kanya na ang matitira sa kanilang inani ay sapat pa rin hanggang sa susunod na anihan. Sa panahon ngayon, kapag binibigay natin sa Diyos ang ating ikapu, itinatabi na natin ang ibibigay natin sa Kanya, bago pa man tayo maglaan para sa ibang bagay. Ito ang ating paraan ng pagpaparangal sa Kanya sa pamamagitan ng ating unang ani, pagkilala na ang lahat ng mayroon tayo ay nagmula sa Kanya, at pagtitiwala na tutustusan Niya ang lahat ng ating

mga pangangailangan. Paano mo naranasan ang katapatan ng pagbibigay ng Diyos sa iyong buhay?

## 3 Sa Tuwing tayo ay nagbibigay, tayo ay pinagpapala ng Diyos.

*Kapag ginawa mo ito, mapupuno ng ani ang iyong mga bodega at aapaw ang inumin sa iyong mga sisidlan.* **KAWIKAAN 3:10**

Ang Diyos ay hindi lamang matapat na nagtutustos ng ating mga pangangailangan. Siya rin ay matapat na nagbibigay ng gantimpala. Kapag tayo ay nagbigay, ipinapangako Niya ang Kanyang pagpapala: mga bodega na puno ng ani at mga sisidlan na nag-uumapaw sa inumin. Ang pahayag na ito ay isa sa mga pangako sa atin ng Diyos. Kung pararangalan natin siya ng ating yaman, tayo ay Kanyang pagpapalain. Hindi natin ito hiningi o karapat-dapat na matanggap. Ibinibigay ng Diyos ang kanyang nag-uumapaw na probisyon dahil Siya at matapat at labis na mapagbigay. Anuman ang ibigay natin sa Kanya, hindi nito matutumbasan ang mga ibinibigay Niya sa atin. Paano ipinakita ng Diyos ang Kanyang sarili sa iyo bilang isang matapat na tagapagbigay ng gantimpala?

## APPLICATION

- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung paano mo Siya maparangalan sa pamamagitan ng iyong pagbibigay. Paano mo pa mas mapag-iisipan ang katapatan at labis na pagbibigay ng Diyos ngayong linggo?
- Pag-isipan ang sinasabi sa Kawikaan 3:5. Hingin sa Diyos na ipaalam sa iyo kung paano mo ito makikita sa iyong sitwasyon sa pananalapi. Isulat kung ano ang ipapahayag sa iyo ng Banal na Espiritu.
- Mayroon ka bang kakilala na nahihirapang magtiwala sa Diyos, lalo na sa pananalapi? Hingin sa Diyos ang karunungan at ang mga salitang maaari mong sabihin upang hamunin ang taong ito na magtiwala sa Kanya.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang matapat na pagbibigay ng ating mga pangangailangan. Mangakong magtitiwala ka sa Kanya sa oras man ng kaginahawahan o kagipitan.
- Ipanalangin na ang Diyos ay mananatiling mas mahalaga kaysa sa anumang kagustuhan o pangangailangan na mayroon ka.
- Ipanalangin ang kakayahan na makapagbigay ng bukas-palad at may pagsasakripisyo.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph